

# THE NAVIGATOR

# TAKE 10

## ECDIS – Ang kinabukasan ng nabigasyon

- 1 Hindi ang lahat ng ECS ay ECDIS**

Ang Electronic Chart Systems (ECS) ay isang generikong katawagan para sa mga sistema na nagpapakita ng mga tsart sa elektronikong paraan; ang karamihan ay hindi para sa legal na nabigasyon. Ang isang Electronic Chart Display and Information System (ECDIS) ay isang sistema na inaprubahan ng IMO para sa nabigasyon. Alamin kung ano ang inyong ginagamit!
- 2 Maging Maaasahan**

Ang lahat ng mga gumagamit ng ECDIS ay dapat na pumasa sa isang inaprubahang kurso na batay sa IMO ECDIS Model Course (1.27 – 2012 edisyon). Kailangan rin nilang mapakita ang kanilang 'kahusayan' sa sistema sakay sa barko bago magbantay habang nabigasyon.
- 3 Magtiwala sa sarili**

Ang pagiging maaasahan ay isang legal na kahilingan; ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay ang pagpapakita ng propesyonal na pagmamalaki sa sarili. Ang patuloy na pagsasanay, pag-aaral mag-isa, ang paggamit ng mga senaryo ay magagamit lahat para matiyak ang tiwala sa sarili.
- 4 Alamin ang inyong mga katawagan**

Ang mga nangungunang internasyonal na organisasyon sa maritime ay nagtulong-tulong para malinaw na makilala ang mga pangunahing katawagan tulad ng generik na pagsasanay at pagiging dalubhasa, at anong mga kakayahan ang kinakailangan para sa mga ito. I-download mula sa The Nautical Institute ECDIS forum sa <http://www.nautinst.org/en/forums/ecdis/>
- 5 Alamin nang wasto**

Ang ECDIS na grupo sa industriya ay kumilala rin sa isang komprehensibong listahan ng mga gawain para magkaroon ng lubos na kaalaman sa ECDIS. Ang mga ito ay maaaring i-download ng libre mula sa forum ng ECDIS (tingnan ang numero 4). Isinama ng maraming mga kompanya ang listahang ito sa kanilang SMS at mga kahilingan kapag sakay sa barko.
- 6 Maging isang kampeon**

Natuklasan ng maraming mga kompanya na ang pagkikilala sa isang ECDIS na kampeon ay isang lubos na epektibong paraan na maitaguyod at maganap ang kakayahan sa ECDIS.
- 7 Mahalaga ang laki**

Ang ECDIS ng barko ay dapat makapagkaloob ng malaking display na kinakailangan para sa makita ang hinaharap at makapagdesisyon ng mas mahusay - ngunit mahalaga pa rin na magkaroon ng kamalayan sa inyong mga paligid.
- 8 Paggagabay at pagtuturo**

Ang ECDIS ay makapagkaloob ng mga junior officer ng mga pamamaraan para makatulong na magkaroon ng mabisang komunikasyon at pamamahala sa pinagkukuhanan ng impormasyon at tulong sa pamamagitan ng naggagabay at nagtuturong mga senior officer, at gayon din naman para sa mga senior officer
- 9 Mga aksidente**

Nagaganap ang mga ito kapag may sobrang pag-asa sa kagamitan, kulang sa pagsasanay, mahinang balangkas ng bridge at kulang ng suporta mula sa Master.
- 10 Pamamahala sa pagbabago**

Isang lubos na mahalagang aspekto ng pagbabago mula sa mga nasa papel na tsart hanggang sa ECDIS ay ang mga pamantayan. Ang mga Master ay may pananagutan sa 'pagtatalaga ng antas' at dapat ipagmalaki ng mga junior officer kung paano nila matutugunan ang mga pamantayang ito. Paano natin mapapamahalaan ito ay ganap na nasasa sa atin.



Read all issues of *The Navigator* for free  
[www.nautinst.org/thenavigator](http://www.nautinst.org/thenavigator)



in association with



STEAMSHIP MUTUAL